
2

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 1:
## Ang Aking Komunidad



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 1: Ang Aking Komunidad**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Amor A. Galicia |
| **Patnugot:** | Rebecca K. Sotto, Helen G. Laus, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Lily Beth B. Mallari, Angelica M. Burayag |
| **Tagaguhit:** | Christopher S. Carreon |
| **Tagalapat:** | Rachel S. Dela Cruz |
| **Tagapamahala**: | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Robert E. Osongco, Lily Beth B. Mallari, Rebecca K. Sotto |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 1:

## Ang Aking Komunidad

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa at isinulat para sa iyong kapakinabangan. Ito ay upang matulungan kang unawain ang mga araling tinatalakay sa Araling Panlipunan Baitang 2.

Ang modyul na ito ay nahahati sa tatlong aralin:


- Leksyon 1 – Konsepto ng Komunidad
- Leksyon 2 – Mga Elemento ng Komunidad
- Leksyon 3 – Mga Institusyon sa Komunidad

Kapag natapos mo na ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nauunawaan ang Konsepto ng Komunidad;
2. Naiisa-isa ang mga elemento ng komunidad; at
3. Naipaliliwanag ang bahagi ng mga institusyon sa komunidad sa paghubog ng pagkatao.

# Subukin

Ano-ano ang nakikita mo sa larawan? Isulat sa hiwalay na papel ang iyong mga napansin.




1. ______________________________

2. ______________________________

3. ______________________________


4. ______________________________

5. ______________________________

# Aralin 1 Ang Aking Komunidad

Ako ay isang mamamayan ng aking komunidad. Nabibilang ako sa isang pamilya na siyang nagpapalaki at nag-aalaga sa akin. Maraming iba't ibang uri ng tao sa aming pamayanan.

Nagkakaintindihan kami dahil sa wikang aming ginagamit. Sama-sama kaming namumuhay na may pagkakaisa.



## Balikan

Noong nasa Unang Baitang ka, natutunan mo kung paano pangalagaan ang iyong kapaligiran, tahanan, paaralan at komunidad. Suriing mabuti ang mga larawan kung ano ang inilalarawan nito. Isulat ang iyong sagot sa hiwalay na papel.

| | |
|---|---|
|  | ____________________<br>____________________<br>____________________ |
|  | ____________________<br>____________________<br>____________________ |
|  | ____________________<br>____________________<br>____________________ |
|  | ____________________<br>____________________<br>____________________ |
|  | ____________________<br>____________________<br>____________________ |

# Tuklasin

Ipinakikilala ko sa iyo si Laya. Tulad mo, isa siyang mag-aaral. Basahin at unawain ang kaniyang kwento.

## Si Laya



Ako si Laya. Nasa ikalawang baitang ako sa mababang paaralan ng baryo namin. Kapitan ng Barangay ang tatay ko at nagtitinda naman sa aming sari-sari store ang nanay ko. Masaya ang aming pamilya. Tuwing linggo, nagsisimba kami kasama ng lolo at lola ko.

Isang araw bigla na lang tumigil ang pagpasok namin sa paaralan. May epidemya raw sabi ni nanay. May kumakalat na sakit na CoViD 19 sabi ni tatay. Mula noon, hindi na lumalabas ng bahay ang lolo at lola ko, pati na rin ako, kasi mas madali raw mahawa ang matatanda at bata.

Naging abala ang tatay ko sa pagtulong sa mga kababaryo namin. May mga araw na namimigay siya ng pagkain, kasama ng mga kagawad at tanod sa Barangay. Noon ko nakita kung paano magtulungan ang mga tao sa paligid namin. Magkamag-anak man o hindi, sa gitna ng krisis maaasahan ang tulong ng kapwa.

## Suriin

Ngayong alam mo na ang kwento ni Laya, tulad mo, ikaw rin ay may pamilya at komunidad na kinabibilangan.

Ang komunidad ay binubuo ng mga elemento, at ang mga ito ay nakatutulong sa paghubog ng iyong pagkatao. Upang lubos mong maunawaan ang konsepto ng komunidad, maaari mo ng ipagpatuloy ang iyong mas malalim na pag-aaral tungkol sa komunidad.


## Ang Komunidad

Ito ay pangkat ng mga tao na namumuhay ng sama-sama sa isang tiyak na lokasyon at nakikibahagi sa uri ng pamumuhay, kultura, at interaksiyon (R.E. Park, 1929).


## Mga Elemento ng Komunidad

Masasabing ganap ang isang komunidad kung ito ay nagtataglay ng mga sumusunod na elemento (Inkeles, 1965):


1. Ang mga sambahayan ay nakatira sa isang tiyak na lokasyon o lugar.




2. Ang mga mamamayan ay nagpapakita ng pagkakaunawaan sa pamamagitan ng interaksiyon at komunikasyon gamit ang partikular na wika.



3. Namumuhay na may pagkakaisa at pakiramdam na may kinabibilangang pamayanan bukod sa pagiging magkadugo.




## Mga Institusyon sa Komunidad


Ang mga sumusunod ay mga institusyon sa komunidad na nagsisilbing haligi nito para sa mas matatag na pamumuhay ng mga mamamayan (Palispis, 2007):

### 1. Pamilya o Sambahayan




Bawat tao ay isinisilang sa isang pamilya. Ito ay binubuo ng mga magulang at mga anak. Sa mga pamilyang Pilipino, kabilang din ang iba pang kamag-anak tulad ng mga lolo at lola, tiyo at tiya, at mga pinsan. Ang mga komunidad ay binubuo ng mga taong magkakasama sa pamilya.

### 2. Simbahan o Relihiyon




Karamihan ng mga komunidad sa Pilipinas ay may iba't ibang relihiyon at dahil maraming uri ng relihiyon, may kalayaan ang mga Pilipino na pumili ng relihiyon. Ito ang humuhubog sa pananampalataya ng mga tao sa Diyos o sa Lumalang.

### 3. Edukasyon o Paaralan



Dito nag-aaral ang mga bata upang matuto ng mga kaalaman. Dito sila tinuturuan ng kanilang mga guro ng iba't ibang uri ng kaalaman.

### 4. Pamahalaan o Otoridad




Ito ang tagapagpatupad ng batas o mga tuntunin sa komunidad. Sila rin ang nagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan o "peace and order".

### 5. Sektor ng Hanapbuhay o Kalakalan



Ito ang sektor ng ekonomiya ng komunidad. Kinakailangang mag-hanapbuhay o magtrabaho ng mga tao upang kumita at may ipambili ng mga pangangailangan. Halimbawa ay pagtitinda at pagmamaneho ng traysikel.

## Pagyamanin

**A. Hanap-Salita.**

**Panuto:** Hanapin ang mga institusyon sa komunidad mula sa kahon ng mga letra. Isulat sa hiwalay papel ang mga salitang iyong mahahanap.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | M | A | H | A | L | A | A | N |
| A | W | T | H | P | S | E | R | Y | S |
| M | B | C | S | J | D | R | O | A | I |
| I | P | G | A | N | A | T | A | S | M |
| L | O | M | L | M | W | Y | H | G | B |
| Y | T | W | U | L | I | P | M | H | A |
| A | R | A | G | P | E | A | N | L | H |
| E | D | U | K | A | S | Y | O | N | A |
| R | K | A | L | A | K | A | L | A | N |

**B. Panuto:** Piliin ang mga elemento ng komunidad mula sa pagpipilian. Isulat ang letra sa sagutang papel.

A. lugar o lokasyon
B. interaksiyon at komunikasyon ng mga tao
C. pagkakaisa at pakiramdam na kasali sa

______1. Kapampangan ang gamit namin sa pakikipag-usap.
______2. Nagsagawa ng *relief operations* si Mayor.
______3. Nakatanggap ang pamilya namin ng relief goods.
______4. Nakatira ang pamilya namin sa Tarlac City.
______5. Matatagpuan ang tirahan namin sa baryo.

**C. Panuto:** Piliin ang mga institusyon ng komunidad mula sa pagpipilian na nakalagay sa kahon. Isulat ang letra sa papel.

| | |
|---|---|
| A. simbahan | D. edukasyon |
| B. pamahalaan | E. kalakalan |
| C. pamilya | |

_____ 1. Ako ay anak ng aking mga magulang.

_____ 2. Nasa ikalawang baitang ako ngayon.


_____3. May kaibigan akong Muslim.

_____4. Si Tito Boy ay nagtitinda ng taho.

_____5. Ang tatay ko ay Kagawad sa Barangay.

## D. Crossword Puzzle.

**Panuto:** Hanapin ang tamang lalagyan ng mga salitang may kinalaman sa mga Institusyon ng Komunidad. Isulat sa papel ang iyong sagot.




### Pahalang

1. Ito ang tagapagpatupad ng batas o mga tuntunin sa komunidad.
2. Ito ay binubuo ng mga magulang at mga anak.

Pababa

3. Ito ang humuhubog sa pananampalataya ng mga tao sa Diyos o sa Lumalang.
4. Dito tinuturuan ng mga guro ang mga bata ng iba't ibang kaalaman.
5. Ito ang sektor ng ekonomiya ng komunidad.

E. Panuto: Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon bilang iyong tungkulin sa komunidad. Guhitan ng masayang mukha ang loob ng bilog kung **tama** at malungkot na mukha naman kung **mali.** Isulat sa papel ang iyong sagot.

Iginagalang ko ang gawi ng ibang relihiyon.

**1**

Kailangang tumulong sa kapwa sa panahon ng kalamidad.

**2**

Nagkakalat ako ng basura sa paligid.

**3**

Iginagalang ko ang aking mga guro.

**4**

Hindi ako nagbabalik ng sobrang sukli.

**5**

F. **Panuto:** Basahing mabuti ang mga sitwasyon tungkol sa mga tungkulin mo sa komunidad. Piliin mula sa kahon ang mga institusyon sa komunidad kung saan laan ang mga tungkulin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

A. Simbahan
B. Pamahalaan
C. Pamilya
D. Edukasyon
E. Kalakalan

_____1. Nagdadasal ako bago kumain upang magpasalamat sa biyayang kaloob ng Diyos.


_____2. Nagbabalik ako ng hiniram kong bote sa tindahan.

_____3. Hindi ako nagdadabog kapag inuutusan ako ng nanay ko.


_____4. Nagbabasa ako ng libro kahit walang pagsusulit.

_____5. Ang tito ko ay Kapitan ng Barangay.


**G. Panuto:** Piliin ang angkop na tungkulin sa bawat institusyon ng komunidad. Isulat ang letra ng iyong sagot sa papel.





A. Sumunod sa curfew
B. Magdasal bago matulog
C. Magbalik ng sobrang sukli
D. Sumunod sa utos ni nanay





A. Igalang si Kapitan
B. Magsimba
C. Sabihin nang maayos ang bibilhin
D. Tumulong sa gawaing-bahay.




A. Sumunod sa mga batas ng barangay
B. Dumalo sa misa o mga pagsamba
C. Huwag makipag-unahan sa mga bumibili
D. Maghugas ng pinggan




A. Huwag batuhin ang barangay hall
B. Manalangin ng pasasalamat
C. Magbalik ng hiniram na bote
D. Magligpit ng higaan




A. Makinig sa guro
B. Tumahimik kapag may nagdadasal
C. Magbayad ng tamang presyo ng binili
D. Magligpit ng mga laruan.

H. **Panuto:** Basahing mabuti ang mga sitwasyon. Piliin ang angkop na institusyon na humuhubog sa iyong pagkatao. Isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| A. simbahan | D. edukasyon |
| B. pamahalaan | E. kalakalan |
| C. pamilya | |

_____1. Napag-aaralan ko ang mga bagong kaalaman.

_____2. Tinuturuan akong magpasalamat sa mga biyaya ng Diyos sa aking buhay.

_____3. Natututo akong gumalang sa kapwa dahil turo ito ng aking mga magulang.

_____4. Kumikita ang nanay ko sa pagtitinda sa aming Sari-Sari Store. Dahil dito, natutustusan ang mga pangagailangan namin.

_____5. Marunong akong gumalang sa mga batas ng aming Barangay dahil ipinapaalala ito palagi ni Kapitan.

## *Isaisip*

### Gawain 1

**Panuto:** Punuan ng mga angkop na elemento ng komunidad ang sumusunod na talata. Isulat ang letra ng iyong sagot sa isang papel.

Mga Pagpipilian:

A. Lokasyon
B. Interaksiyon
C. Sambahayan
D. Pamayanan
E. Pagkakaisa

Ang komunidad ay binubuo ng mga ______________________ na nakatira sa isang tiyak na __________________ o lugar. Ang mga mamamayan ay nagpapakita ng pagkakaunawaan sa pamamagitan ng ____________________ at komunikasyon gamit ang partikular na wika. Ang mga tao ay namumuhay na may _____________________ at pakiramdam na may kinabibilangang _______________________ bukod sa pagiging magkadugo.

## *Isagawa*

### Gawain 1

**Panuto:** Basahing mabuti ang talata. Piliin ang angkop na sagot sa mga tanong na sumusunod. Gumamit ng ibang papel na pagsusulatan ng iyong mga sagot.

**Sa Panahon ng Krisis**

Sabi sa isang patalastas sa TV, "Bukas paggising mo, bago na ang mundo". Nagkatotoo ito dahil sa pagdating ng pandemiko – ang nakamamatay na sakit na **CoViD19**. Ipinag-utos ng Pangulo ng bansa ang ***Enhanced Community Quarantine*** o ECQ. Maraming tao ang nawalan ng trabaho. Maraming pamilya ang nagutom. Maraming mga nagtatrabaho sa mga ospital ang nagkasakit din at namatay.

Nguni't sa gitna ng krisis, nabuhay ang Bayanihan sa puso ng mga Pilipino. Kumilos ang mga opisyal ng pamahalaan para tulungan ang mga tao. Halos linggo-linggo kung mag-abot sila ng ***relief goods*** sa mga mamamayan. Tumulong din ang mga taong may kakayanan. Nagbigay sila ng libreng pagkain, face mask at alcohol sa mga ospital at sa mga nangangailangan.

Pinaka-kahangahanga sa lahat ay ang malasakit ng mga *Frontliners.* Sila ang mga taong matapang na humaharap sa krisis. Sila yung nagtatrabaho sa mga ospital tulad ng mga doktor at nurse, para alagaan ang mga nagkasakit ng CoViD, mga janitors sa ospital, mga pulis at sundalo sa mga *checkpoint*, mga security guards at sales lady sa mga grocery, at marami pang iba.

Ito ang puso ng Bayanihan ng komunidad. Ang pakikibahagi sa tungkulin ng bawat isa para sa muling pagbangon ng bansa.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong ayon sa binasa mong talata.

1. Bakit biglang nagbago ang mundo?
   A. Nagkaroon ng malakas na bagyo.
   B. Pumutok ang bulkan.
   C. Lumindol ng malakas.
   D. Dumating ang CoViD19
2. Ano ang tawag sa mga taong matapang na humaharap sa krisis?
   A. frontliners C. nars
   B. doktor D. pulis
3. Ano ang Bayanihan ayon sa talata?
   A. Pakikibahagi sa tungkulin ng bawat isa para sa muling pagbangon ng bansa.
   B. Pagtupad ng tungkulin dahil sa trabaho.
   C. Pagbibigay ng ayuda ng gobyerno para sa mga mahihirap na pamilya.
   D. Pamamahagi ng relief goods.

4. Anong institusyon ang nagunguna sa pagsagot sa pangangailangan ng mga tao sa panahon ng krisis?

   A. simbahan
   B. pamilya
   C. edukasyon
   D. pamahalaan

5. Bakit kailangang sumunod sa pamahalaan sa panahon ng krisis?

   A. Pagsunod sa Pangulo.
   B. Upang maiwasan ang paglala ng sitwasyon.
   C. Maraming sundalo at pulis sa paligid.
   D. Para mabigyan ng relief goods at libreng pagkain.

## *Tayahin*

### Gawain 1

**Panuto:** Piliin ang angkop na sagot sa mga tanong. Gumamit ng ibang papel na pagsusulatan ng iyong mga sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa mga institusyon sa komunidad?

   A. simbahan
   B. paaralan
   C. himpapawid
   D. pamilya

2. Alin sa mga sumusunod ang pagsasagawa ng Bayanihan sa komunidad?
   A. pagtawid sa tamang tawiran
   B. pagtulong sa mga nasunugan
   C. pagsunod sa curfew ng Barangay
   D. pagpasok ng maaga sa paaralan

3. Paano magkakaintindihan ang mga tao sa komunidad?
   A. kumanta ng paboritong awit
   B. isigaw kung ano ang ulam ninyo sa hapunan
   C. mag-text kung may gustong sabihin sa iba
   D. mag-usap gamit ang parehong wika

4. Alin sa mga sumusunod ang HINDI lokasyon ng komunidad?
   A. ibang planeta
   B. sitio o purok
   C. lungsod
   D. kabundukan

5. Ano ang institusyon kung saan unang nabibilang ang isang tao pagkapanganak niya?
   A. pamahalaan
   B. simbahan
   C. pamilya
   D. paaralan

## *Karagdagang Gawain*

Kausapin mo ang iyong mga magulang. Tanungin mo kung paano nakatutulong ang inyong pamilya sa komunidad. Itala ang iyong sagot sa isang papel.

# Susi sa Pagwawasto

**Pagyamanin**

**A**

1. PAMAHALAAN
2. PAMILYA
3. EDUKASYON
4. SIMBAHAN
5. KALAKALAN

**Pagyamanin**

**B**

1. B
2. C
3. C
4. A
5. A

**Pagyamanin**

**C**

1. C
2. D
3. A
4. E
5. B

**Pagyamanin**

**D**

1. PAMAHALAAN
2. PAMILYA
3. SIMBAHAN
4. EDUKASYON
5. KALAKALAN

**Pagyamanin**

**E**

1. ☺
2. ☺
3. ☹
4. ☺
5. ☹

**Pagyamanin**

**F**

1. A
2. E
3. C
4. D
5. B

**Pagyamanin**

**G**

1. C
2. A
3. B
4. D
5. A

**Pagyamanin**

**H**

1. D
2. A
3. C
4. E
5. B

**Isaisip**

**Gawain 1**

1. C
2. A
3. B
4. E
5. D

**Isagawa**

**Gawain 1**

1. D
2. A
3. A
4. D
5. B

**Tayahin**

**Gawain 1**

1. C
2. B
3. D
4. A
5. C

# *Sanggunian*

Inkeles, Alex (1965) cited by Mondal, Puja. "Definitions of Community." *Community: Definitions, Bases and Changing Concept of Community.* 2019. http://www.yourarticlelibrary.com/sociology/community-definitions-bases-and-changing-concept-of-community/35065.

Palispis, Epitacio, S. "The Human Society and Communities". *Introduction to Sociology and Anthropology*. (Rex Book Store. Metro Manila. Philippines, 2007), 73.

Park, RE (1921) cited by Mondal, Puja. "Definitions of Community." *Community: Definitions, Bases and Changing Concept of Community.* 2019. http://www.yourarticlelibrary.com/sociology/community-definitions-bases-and-changing-concept-of-community/35065.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph